SOUTHVILLE INTERNATIONAL SCHOOL AND COLLEGES

Luxembourg Campus
Academic Year 2019-2020

Pagsasanay
Mga Uri ng Sanaysay
Standard Level Filipino 12

Pangalan: _____
Seksiyon: _____

I. Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang. *(Read the following statements. Choose the correct answer to each number. Write the answer in the space provided.)*

_____1. Alin sa mga sumusunod ang HINDI isinasaalang-alang sa pagsulat ng lakbay-sanaysay?

a. Iplano ang lugar na itatampok sa susulating sanaysay.

b. Paggawa ng gabay para sa mga gustong maglakbay

c. Pagtatala ng sariling karanasan sa paglalakbay

d. Pagbago sa kasaysayan, kultura, at heograpiya ng lugar.

_____2. Ang sanaysay ay isang uri ng akdang-pampanitikan? Ano ang pinakamahusay na pagpapakahulugan sa akdang ito?

a. Naglalayong maipahayag ang damdamin na binubuo ng saknong at taludtod

b. Salaysay na naglalaman ng mga mahahalagang pangyayari.

c. Paglahad ng kuru-kuro ukol sa napapanahong paksa.

d. Limitado lamang sa tatlong talata ang pagsulat.

_____3. Madalas manood ng telebisyon si Drake. Napagtanto niya na malaki ang epekto ng pandemya sa nakararami. Nais niyang magsulat upang mamulat ang mga kabataan sa isyung ito. Anong uri ng sanaysay ang pinakamainam na isulat ayon sa kanyang layunin?

a. Editoryal na Sanaysay

b. Replektibong Sanaysay

LIVEWORKSHEETS

c. Larawang Sanaysay

d. Lakbay Sanaysay

I. Pumili ng paksa ayon sa interes

II. Huwag isaalang-alang ang kawilihan ng mambabasa

III. Bumuo ng gabay sa pagsulat

IV. Magsagawa ng paunang pananaliksik

V. Hindi komprehensibo ang pagtalakay sa paksa

_____4. Basahin ang mga sumusunod na ideya sa itaas. Alin sa mga sumusunod ang dapat isaalang-alang sa pagsulat?

a. I, II, III

b. I, III, IV

b. V, IV, I at III

d. IV, II, V, at II

_____5. "Ito ang nagpapatunay na masagana ang bansa natin sa likas na yaman. At higit sa lahat ay magpasalamat tayo sa Panginoon sa mga biyayang ating natanggap galing sa kanya." Sa anong uri ng sanaysay natin ito posibleng mabasa?

a. Replektibong sanaysay

b. Larawang- sanaysay

c. Lakbay-sanaysay

d. Editoryal na sanaysay

II. Panuto: Tukuyin kung anong uri ng sanaysay ang inilalarawan sa bawat bilang. *(Determine what type of essay is described in each number.)*

_____6. Isinusulat ito upang ilahad sa mambabasa ang mga nakita at natuklasan sa paglalakbay gamit ang pandama: paningin, pakiramdam, panlasa, pang-amoy, at pandinig.

_____7. Ito ay mga tinipong larawan na isinaayos nang may wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari upang maglahad ng isang konsepto.

LIVEWORKSHEETS

_____8. Naglalayong bigyang-katwiran, ipaliwanag, o suriin ang partikular na salaysay at palutangin ang halaga nito o ang maidudulot nito, depende sa layon ng manunulat

_____9. Maaaring sabihing isa itong akademikong paraan ng pagbuo ng bagong kaalaman patungkol sa pagkatao, lipunan, at mga isyu o paksa.

_____10. Maaari din itong magbigay ng impormasyon ukol sa mga karanasang di kanais-nais o hindi nagustuhan ng manunulat sa kanyang paglalakbay.

LIVEWORKSHEETS